

ISSN 0119-5107



**Philippine Normal University
CENTER FOR RESEARCH AND
DEVELOPMENT IN EDUCATION
Manila**



RESEARCH SERIES

No. 113

September 2009

**ANG MAHALAGANG PAPEL NG PAMANTASANG NORMAL
NG PILIPINAS SA PAGHAHANDA NG MGA GURO
SA EDUKASYONG MULTILINGGWAL**

LYDIA B. LIWANAG

College Professor

Dean, College of Languages, Linguistics and Literature

Ang Mahalagang Papel ng Pamantasang Normal ng Pilipinas sa Paghahanda ng mga Guro sa Edukasyong Multilinggwal*

LYDIA B. LIWANAG

College Professor

Dean, College of Languages, Linguistics and Literature

Introduksyon

Sa mahigit nang isang dekada hanggang ngayon, ang ating mga mag-aaral na Pilipino ay nagtitiis sa mga naging bunga o kinalabasan ng mga patakarang pangwika sa ating edukasyon na dulot ng mga ideyolohiyang ipinatupad ng mga sumakop sa atin at ng mga sumunod pang namuno sa ating edukasyon.

Noong 1925, si George Counts, isang propesor sa Yale University, ay naglahad ng kanyang mga obserbasyon sa mga pangunahing problema ng ating batayang edukasyon tulad ng: a) halos kalahati ng ating mga mag-aaral ay hindi nakapag-aaral o nararating ng mga paaralan; b) ang performance ng mga mag-aaral ay mababa lalo na sa mga subjek na itinuturo sa Ingles; at c) ang batayang literasi ay hindi nalilinang kaya walang matibay na pundasyon para sa mga susunod pang grado. Ang dahilan ng mga problemang ito ayon kay Counts ay sa nilalaman at sa wika ng pagtuturo sa iba't ibang pangkat ng mga mag-aaral na may iba't ibang kultura at wikang sinasalita.

Bukod pa sa wika, sa panahong ito ng pananakop ng mga Amerikano, ang mga mag-aaral ay napasailalim sa pagtanggap ng mga kaalaman at karanasan na galing sa ibang kultura at sibilisasyon dagdag pa ang pag-aaral ng wikang hindi nila sarili at

* Lecture delivered by the author as College Professor during the University Lecture Series on August 12, 2009 at the A.V. Theater, PNU.

kurikulum na hiram sa Amerika na ang mga kagamitang panturo ay angkop lamang para sa mga batang Amerikano. Dagdag pa nito ang sentralisadong pagpapatupad ng ganitong kurikulum sa lahat ng bahagi ng bansa at ang kakulangan ng pagsasanay para sa 27,000 mga guro.

Mga Pag-aaral at Reporma sa Batayang Edukasyon

Mula noong 1925 nang ilathala ang artikulo ni Counts bilang bahagi ng 1925 Monroe Survey hanggang sa kasalukuyang panahon, ang iba't ibang pagsusuri/sarbey sa kalagayan ng edukasyon sa ating bansa ay naglahad ng parehong mga isyu tungkol sa sakit ng ating edukasyon. Ang mga ito ay: a) mataas na bilang ng dropout o mga batang umalis sa paaralan; b) mababang performance ng mga mag-aaral; c) mahinang kalidad ng pagtuturo ng mga guro; d) ang wika ng pagtuturo na walang batayang sayantipiko na nauukol sa kognitibong proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral; e) mga kagamitang panturo na malayo sa karanasan ng mga mag-aaral; f) malawakan o sentralisadong pagpapatupad ng kurikulum sa buong kapuluan kahit na may iba't ibang wika at kultura ang mga mag-aaral sa iba't ibang bahagi ng bansa; at g) ang kakulangan sa pinansyal na suporta sa edukasyon. Tingnan natin ngayon ang mga ginawang pag-aaral, reporma at proyekto ng iba't ibang pangkat tungkol sa ating edukasyon.

Talahanayan 1: Mga Sarbey, Pag-aaral, Reporma at Proyekto sa Ating Edukasyon

Mga Pag-aaral Reporma	Mga Pangunahing Pokus ng Pag-aaral
1925 Monroe Survey	Unang komprehensibong sarbey ng edukasyon sa Pilipinas. Nakita ang mga problema sa mababang performance ng mag-aaral tulad ng paggamit ng Ingles sa pagtuturo, mahinang kalidad ng pagtuturo ng mga guro, mga pasilidad at ang kawalan ng pagtugon ng edukasyon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

1936 Commonwealth Survey	Kumuha ng mga opinyon mula sa mga tinatawag na eksperto sa edukasyon ngunit hindi nagkaroon ng sistematikong pangangalap ng datos sa mga proseso ng edukasyon at sa kinalabasan nito.
1940 UNESCO Survey	Unang komprehensibong sarbey pagkatapos ng pananakop ng mga Amerikano. Inulit muli ang mga nakitang mga problema sa Monroe Survey. Binigyang pansin na ang wika ng pagtuturo ay siyang pangunahing problema at kasama nito ang kawalan ng pagpapahalaga sa ating pambansang kalinangan o kultura pagkakakilanlan (identity) at mga mithiin. Iminungkahi ang pagdaragdag ng badyet sa edukasyon, pagsasanay sa mga guro, pagdaragdag ng Baitang 7, pagkakaroon ng ugnayang komunidad at paaralan at resolusyon sa isyu ng wika ng pagtuturo sa pamamagitan ng pananaliksik.
1960 Swanson Survey	Inulit ang mga obserbasyon ng mga naunang sarbey. Nagbigay pansin sa mga problema ng mga pangkat minoridad at ang pag-aangkop ng mga kalakaran sa edukasyon na batay sa dayuhang pananaw sa mga lokal na kondisyon. Idinaing ang hindi pagsasakatuparan ng mga rekomendasyon ng mga naunang sarbey dala ng kakulangang pinansyal, kawalan ng pag-unawa ng publiko at pagkilos tungo sa pagbabago. Pagbibigay ng prayoridad para sa edukasyong primarya at pagpapatatag sa edukasyong sekondarya.
1967 Review of Swanson Survey	Napatunayan na marami sa mga naging rekomendasyon ng Swanson Survey ay hindi naipatupad ng Kagawaran ng Edukasyon.
1970 Presidential Commission to Survey Philippine Education	Inulit ang mga nakitang problema sa mga naunang sarbey. Binigyang pansin ang problema sa wika ng pagtuturo at nakita rin ang hindi pagkakaroon ng ugnayan ng mga output sa edukasyon at sa pangangailangan ng bansa. Nagmungkahi sa pagkakaroon ng reorganisasyon sa sistema ng edukasyon na nagresulta sa pagkakaroon ng

(PCSPE)	Bureau of Higher Education (BHE), Bureau of Non-Formal Education (BNFE), Educational Project Implementation Task Force (EDPITAF) at National Manpower and Youth Council (NMYC). At ang pagkakaroon ng politikal na solusyon sa problema ng wika.
1976 Survey of Outcome of Elementary Education (SOUTELE)	Nagkaroon ng pag-aaral sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Ikaapat na Baitang sa bansa. Nakita ang mababang lebel ng pagkatuto sa mga batayang kasanayan sa pagbasa, pagsulat at pagbilang. Nakita ang pagkakaiba sa sosyoekonomik na kondisyon ng mga mag-aaral at kapaligiran ng mga paaralan na tuwirang iniugnay sa pagkakaiba ng kinalabasan sa pagkatuto.
1982-1989 Program for Decentralized Education (PRODED)	Mula sa pondo ng International Bank for Reconstruction and Development (IBRD) isinagawa ang pagpapaunlad ng kurikulum para sa pagtuturo sa Agham, Teknolohiya, Matematika, Pagbasa at Pagsulat.
1988-1995 Secondary Education Development Program (SEDP)	Itinuloy ang pagpupundo ng IBRD para mapanatili ang reporma na sinimulan ng PRODED para sa kurikulum sa sekondarya. Layunin nito na mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magpatuloy ng pag-aaral sa sekondarya sa pamamagitan ng pag-iimplementa ng kurikulum na nakasentro sa mag-aaral at komunidad.
1991 Congressional Commission on Education (EDCOM)	Isang komprehensibong pag-aaral na inilahad muli ang mga problema noong mga nakaraang pag-aaral. Ito ay nagresulta sa 12 Legislative Agenda at mga rekomendasyon. Isinabatas ang 7 sa mga aytem na ito ngunit ang DepEd at ibang ahensya sa edukasyon ay hindi ito ipinatupad. Kasama rito ang wika ng pagtuturo na ang rekomendasyon ay ang paggamit ng sariling wika (mother tongue) ng mga mag-aaral mula sa una hanggang ikatlong baitang ng pag-aaral at paglipat sa Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa elementarya at ang Ingles bilang midyum sa mga susunod na taon.

1990-1996 Second Elementary Education Project	Sa pamamagitan ng pondo galing sa World Bank, ang proyektong ito ay nagsagawa ng 4 na eksperimento para matugunan ang problema sa maraming drop-out sa mga mahihirap na komunidad tulad ng school-feeding program, paggamit ng multi-level na kagamitang panturo.
1996-2001 Project in Basic Education (PROBE)	Sa tulong ng Australian Agency for International Development, nakapokus ang proyekto sa pagpapaunlad ng pagtuturo sa Agham, Matematika at Ingles sa batayang edukasyon kasama ang pagdebelop ng mga aklat at pagsasanay ng mga guro.
1998-2006 Third Elementary Education Project (TEEP)	Mula sa pondo ng Japan Bank for International Cooperation(JBIC) at World Bank, isinagawa ang proyekto upang paunlarin ang proseso ng assessment ng mga mag-aaral, in-service na pagsasanay ng mga guro, debelopment ng kurikulum at mga kagamitang panturo at ang pamamahala ng mga paaralan.
2000 Presidential Commission for Educational Reform (PCER)	Inirekomenda ng PCER ang mga naunang rekomendasyon ng EDCOM, PESS (Philippine Education Sector Study (1998)), at Philippine EFA (Education For All). Nagrekomenda ng 9 na pangunahing reporma at 4 dito ang nauukol sa batayang edukasyon: pagtatatag ng National Coordination Council for Education (NCCE), pagpapataas ng kasanayan ng mga guro, pagkakaroon ng malawak na opsyon para sa midyum ng pagtuturo sa mga unang taon ng pag-aaral at ang pagtatatag ng National Education Evaluation and Testing System.
2000 Philippine EFA Assessment	Nakita ang pagdami ng bilang ng mga mag-aaral na pumapasok na sa mga primarya sa bansa at pagtaas ng batayang literasi sa bansa. Ngunit nakita rin ang pangangailangan na maitaas ang functional literacy ng mga mag-aaral .

2006 Philippine Education for All 2015 Plan	Tinukoy ang mga tiyak na target sa ilalim ng malawak na layunin ng pagkakaroon ng functional literacy para sa lahat ng Pilipino. Ang mga ito ay: assessment sa mga natutuhang kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral, pagpapaunlad ng mga gawain sa paghahanda ng mga bata (early child care and development) bago magsimula sa pormal na pag-aaral, impormal at mga alternatibong paraan sa pagtuturo, pagpapaunlad sa mga paraan ng pagtuturo, at adapsyon ng 12 taong siklo sa batayang edukasyon .
2006- kasalukukuyan Basic Education Sector Reform Agenda (BESRA)	Inihanda ang isang integratibong balangkas ng reporma na inilahad ng DepEd na magbibigay ng isang malinaw na konsepto at patakaran para sa mga kailangang reporma ng sistema ng edukasyon.

Mula sa "When Reforms Don't Transform:
 A Review of Institutional Reforms in the
 Department of Education (2008)"
 Bautista, Bernardo and Ocampo

Sa mga inilahad na pag-aaral, proyekto at mga mungkahing reporma na ginugulan ng malalaking pondo at panahon paulit-ulit na nakikita ang mga pangunahing problema tulad ng mataas na bilang ng drop-out sa ating mga paaralan mula sa elementarya hanggang sekondarya, mahinang kalidad ng pagtuturo ng ating mga guro dala ng kakulangan sa pagsasanay sa mga paraan ng pagtuturo at kaalaman sa itinuturing na aralin, mababang lebel ng literasi ng ating mga mag-aaral sa elementarya.

Kasabay ng paglaki ng ating populasyon, ang bilang ng mga drop-out ay nananatiling mataas simula pa noong 1960. Mula sa 28 porsyento hanggang 34 porsyento ng mga mag-aaral ang hindi nakararating sa ikaanim na baitang (HDN 200:3). Ang mga nakakatapos sa sekondarya mula sa unang baitang ay mababa sa 50 porsyento (World Bank, 2004:3). Sa Autonomous Region of

Muslim Mindanao (ARMM), 10 porsyento lamang ang nakatatapos ng sekondarya (ADB 2007).

Kung ihahambing ang Pilipinas sa ibang bansa sa Asia Pacific region, ipinapakita sa datos ng World Bank na ang Laos at Cambodia ay may mataas na bilang ng nakatatapos sa elementarya noong 2006-2007. Mayroon lamang 72% sa Pilipinas samantalang 75% sa Laos at 87% sa Cambodia. Lalo pang makikita ang pagkakalayo ng Pilipinas sa mga bansang Indonesia at Malaysia na dati ay kapantay lang nito noong 1960 sa pagkakaroon ng mataas na literasi. Ang kanilang bilang ng mag-aaral sa primarya ay nasa 96% at 100%. Ang bilang ng mga nagtatapos ay 99% (Indonesia) at 96% (Malaysia).

Sa ibinigay na National Achievement Test (NAT) noong 2006 sa mga mag-aaral sa elementarya, makikita ang kalagayan ng pagkatuto ng ating mga mag-aaral. Sa kabuuang bilang ng mga paaralan sa ating bansa, 15.3% lamang ng mga ito ang nakalagpas sa 75% lebel – ang minimum na hinihinging batayan ng pagpasa para sa susunod na lebel ng pag-aaral. Mas nakalulungkot ang performance ng mga mag-aaral sa sekondarya – mababa pa sa 1% ang nakalagpas sa 75% lebel noong 2005-2006, samantalang 13% ang nakalagpas sa 60% na “near mastery” lebel (JBIC, 2006)

Sa ganitong kalagayan, maitatanong natin: Bakit ang mga reporma at pag-aaral na isinagawa ay hindi nagkaroon ng epekto tungo sa pagbabago sa ating edukasyon? Sa pag-aaral ng BESRA, dalawang dahilan ang nakita: Una, ang di malawakang implementasyon ng desentralisadong pamumuno o pamamalakad ng DepEd sa batayang edukasyon (RA 9155) sa pamamagitan ng School Based Management (SBM). Ito rin ang puna ng Monroe Survey na ang ating sistema ng edukasyon ay masyadong sentralisado na may katangiang “one-size-fits-all policy” na hindi angkop sa mga mag-aaral na nasa mga lugar na iba’t iba ang kultura at mga pangangailangan.

Ikalawa, ang kawalan ng malinaw na patakaran sa mga lawak o area ng pagkatuto at pamamaraan ng pagtuturo. Kaugnay

nito naging mahina ang patakaran ng DepEd sa Patakarang Bilinggwal na walang matibay na batayan mula sa mga pag-aaral at pananaliksik. Dagdag pa rito, ipinaubaya ng DepEd ang pagpapalabas ng mga patakaran sa wika sa pamahalaan at kongreso sa halip na mamuno sa pagpapatupad ng mga patakaran na batay sa pananaliksik.

Kabaligtaran ito noong 1939 kung saan ang kalihim ng Edukasyon ang nagdedesisyon sa isyu ng wika para sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Noong 1957, ang Revised Philippine Education Program na ibinatay sa pananaliksik ng UNESCO ay ipinatupad ang paggamit ng mga lokal na mga wika sa una at ikalawang baitang at itinuro ang Ingles bilang subjek. Ito ang panahong ang mga reporma sa edukasyon ay ibinatay sa pananaliksik tulad ng Aguilar Experiment mula 1948-1954. Napatunayan na noon pa na ang mga subjek kasama ang Ingles ay madaling natututunan kung ang mga mag-aaral ay tinuruan sa kanilang wika. (Harris, 1979). Hindi naging masigasig ang DepEd sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon ng mga nagsagawa ng pag-aaral tulad ng EDCOM, PCER at mga pananaliksik na nagtataguyod sa paggamit ng sariling wika o mother tongue sa mga unang taon ng pag-aaral.

Ang Patakarang Pangwika sa Edukasyon

Sa kasalukuyan, ipinatutupad sa ating mga paaralan ang Patakarang Biinggwal na nauukol sa paggamit ng Filipino at Ingles sa pagtuturo ng mga tiyak na subjek sa kurikulum na ipinatupad simula pa noong 1974 at nagkaroon ng rebisyon noong 1987. Nakikita natin na hindi pa nagsasagawa ng ebalwasyon tungkol dito ang DepED maliban sa ginawa ng Linguistic Society of the Philippines noong 1998 sa pamumuno ni Dr. Bonifacio P. Sibayan. Nakikita rin natin ang posisyon ng DepEd sa gitna ng mga naglalabang sektor ng bansa sa usapin ng paggamit ng wika sa edukasyon.

Nariyan ang mga sektor ng industriya na pinangungunahan ng mga call center na nagtataguyod sa Ingles

na nagluwal sa Executive Order No. 210 ng Pangulong Macapagal-Arroyo na nauukol sa pagdaragdag ng oras ng Ingles at paggamit nito bilang midyum ng pagtuturo sa mga paaralan. Kasabay nito, 200 mga Kongresista ang pumirma sa House Bill No. 4701 ni Konggresman Gullas na naglalayong gawing Ingles ang midyum ng pagtuturo mula Baitang 3 pataas at ang Filipino ay ituturo bilang subjek. Nagkaroon ng paglilinaw ang EO 210 ng Pangulo sa DepEd Order No. 60 noong 2008 na pinirmahan ng Undersecretary at OIC na Kalihim ng Edukasyon, Dr. Vilma Labrador. Sa DepEd Order na ito lumalabas na ang patakaran sa wika ng mga paaralan ay naging trilingual o multilingual sa dahilang bukod sa Ingles at Filipino inilahad sa seksyon 3 ng DO ang paggamit ng sariling wika o mother tongue ng mga mag-aaral bilang wika ng pagtuturo simula sa unang baitang bilang epektibong paraan sa pagkatuto at tulay para sa pag-aaral ng pangalawang wika. Ito rin ang inirekomenda bilang wika ng literasi.

Sa mga konsultasyon na naganap sa pagitan ng mga namumuno sa DepEd, mga akademikong institusyon, mga ahensya ng gobyerno, mga organisasyong pangwika, mga pribadong organisasyon at mga indibidwal, nabuo ang 171 + Talaytayan MLE. Mula sa pag-uusap na nakasentro sa karapatan sa wika, naging isang pagtataguyod ito bilang isang reporma sa edukasyon upang sagutin ang ugat ng pagbaba ng kalidad ng edukasyon ng ating mga mag-aaral. Pinag-aralan ang mga naunang pananaliksik tungkol sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral, mga eksperimentasyon sa pagtuturo ng unang wika ng mga mag-aaral (Iloilo Experiment, Lubuagan, Lingua Franca Project) at nagkaroon ng mga talakayan sa teorya at konsepto ng MLE bilang paghahanda sa pagsasagawa nito sa mga paaralan. Dala ng mga pag-uusap at forum na ginawa sa UP, PNU at iba pang rehiyon sa bansa, unti-unting nakita ang kahalagahan ng MLE para sa mga mag-aaral sa ating bansa na may iba't ibang wika at kultura.

Naghain ng House Bill No. 3719 si Konggresman Magtanggol T. Guinigundo na may pamagat na "Multilingual Education and Literacy Act of 2008". Sa batas na ito, ang unang wika ay nagiging midyum ng pagtuturo sa lahat ng subjek mula sa

preschool hanggang elementary. Ituturo rin ang unang wika, Ingles at Filipino bilang subjek sa elementarya. At simula sa Baitang 4, ang Ingles at Filipino ay gagamiting midyum ng pagtuturo sa ilang bahagi ng kurikulum. Sa sekondarya, Ingles at Filipino ang magiging midyum ng pagtuturo at ang unang wika ay pantulong na wika.

Sumunod na nagpalabas ng DepEd Order No. 74 s 2009 noong Hulyo 14, 2009 si Kalihim Jesli A. Lapuz na pinamagatang “Institutionalizing Mother Tongue-Based Multilingual Education(MLE)”. Dito isinasaad ang mga kinalabasan ng mga naunang pag-aaral na lokal at internasyunal sa edukasyon na nagpapatunay tungkol sa superyoridad ng paggamit ng unang wika ng mag-aaral sa pagpapaunlad ng pagkatuto at sa pagbibigay ng pantay-pantay na edukasyon para sa lahat.

Nagbigay siya ng mga naging resulta ng pag-aaral tulad ng Lingua Franca Project at Lubuagan First Language Component na kaugnay ng mga rekomendasyon ng BESRA na:

1. Una, ang mag-aaral ay madaling bumasa sa kanilang unang wika (L1);
2. Ikalawa, ang mga mag-aaral na natutong bumasa at sumulat sa kanilang unang wika ay madaling magsalita, bumasa at sumulat sa pangalawang wika (L2) o pangatlong wika (L3) higit sa kanilang mga kamag-aral na tinuruan sa mga wikang ito; at
3. Ikatlo, sa punto ng kognitibong pag-unlad o debelopment at sa epekto nito sa iba pang pang-akademikong lawak o area, ang mga mag-aaral na tinuruang magbasa at sumulat sa kanilang unang wika ay nagkaroon kaagad ng mga konseptong ito.

Inilahad din ng DepEd ang pag-aaral ng DepEd Region IV-B MIMAROPA sa pamumuno ni Dr. Paraluman Giron na tinawag na “Double Exposure in Mathematics: A Glimpse of Mother Tongue First” na nagpatunay na kaya nangunguna ang mga

ban sa tulad ng Singapore,Taiwan,Japan at Hong Kong sa Trend in International Mathematics and Science Study (TIMSS) ay sa dahilang itinuro ang mga subjek na ito sa kanilang unang wika.

Narito ang talahanayan ng mga patakaran at batas na nauukol sa wikang panturo.

Talahanayan 2: Mga Rekomendasyon sa Wikang Panturo sa mga Paaralan

Mga Patakaran at Batas	Unang Wika	Filipino	Ingles	Iba pang wika
Patakarang Bilinggwal ng 1974, 1987	Bilang pantulong o auxillary na wika sa pagtuturo	- Bilang subjek mula Unang Baitang - Wikang panturo sa Araling PANlipunan (MAKABAYAN)	- Bilang subjek mula Unang Baitang - Wikang panturo sa Agham at Matematika	Wala
House Bill No. 4701 (Gullas Bill)	Opsyunal na wikang panturo hanggang Ikalawang Baitang	Sabjek mula sa Unang Baitang pataas	- Sabjek mula Unang Baitang pataas - Wikang panturo mula Unang Baitang pataas	Wala
House Bill No. 3719 (GuinigundoBill)	Wikang panturo sa preschool hanggang Ikaanim na Baitang	Sabjek mula Unang Baitang pataas	Sabjek mula Unang Baitang pataas	Wala

Basic Education Sector Reform Agenda (BESRA)	• Wikang panturo hanggang Ikalawang Baitang	• Sabjek mula Unang Baitang pataas • Wika ng literasi simula sa Ikalawang Baitang • Wikang panturo sa MAKABAYAN mula sa Ikatlong Baitang pataas	• Sabjek mula Unang Baitang pataas • Wika ng literasi mula sa Baitang 3 • Wikang panturo sa Agham at Matematika mula Baitang 4 pataas	• Pasalitang pag-aaral ng Arabic mula Baitang 1 pataas • Wikang pantulong sa pagtuturo mula sa Ikaapat na Baitang • Literasi sa Arabic mula sa Baitang 4 pataas • Ang Arabic bilang wika ng pagtuturo sa mga sabjek sa Madaris mula sa Unang Taon ng hayskul pataas. • Ang mga rehiyunal o dayuhang wika ay elektib sa Ikatlong taon pataas
DepEd Order No. 7, s 2009	• Wikang panturo mula preschool hanggang Baitang 3 sa mga sabjek na kasama ang Ingles at Filipino • Bilang sabjek sa Baitang 1 • Pantulong na wika sa sekondarya	• Bilang sabjek sa Baitang 1 pataas • Wikang panturo simula Baitang 3 • Wikang panturo sa sekondarya	• Bilang sabjek sa Baitang 2 pataas • Wikang panturo simula Baitang 3 • Wikang panturo sa sekondarya	• Arabic para sa mga Madaris na mga paaralan

Sa ganitong patakaran o reporma sa paggamit ng wika sa pagtuturo na ipinatutupad ng DepEd, nangangailangan ng pagtutulungan mula sa iba't ibang sektor ng lipunan tulad ng mga namumuno sa edukasyon sa bawat rehiyon, mga institusyong pangguro, mga MLE specialists, mga lokal na pamahalaan, mga komunidad at higit sa lahat sa paghahanda ng mga guro ng MLE.

Ang Edukasyong Multilinggwal na Batay sa Unang Wika

Bilang mga guro ng batayang edukasyon, mahalagang unawain ang rasyunal at layunin ng MLE na batay sa Unang Wika.

Rasyunal sa Edukasyong Multilinggwal Batay sa Unang Wika

- Ang wika ay dapat na tingnan bilang mahalaga sa edukasyon, sa Artikulo Blg. 29 ng 1989 ng Kumbensyon sa Karapatan ng mga Bata, nakatala na ang edukasyon ng bata ay nakatuon sa debelopment ng paggalang sa kanyang kultural na identidad, wika at pagpapahalaga.

UNESCO 2003

- Ang mga bata na natutong bumasa at sumulat sa kanilang unang wika ay hindi lamang matagumpay sa pag-aaral ng pangalawang wika kung hindi mas magaling pa sa kanilang kamag-aral na tinuruan sa pangalawang wika.

The PCER Report

Layunin ng MLE

Narito ang mga Layunin ng Edukasyong Multilinggwal na mahalagang maunawaan ng mga guro na nagtuturo sa mga klase na may mga mag-aaral na may iba't ibang unang wika:

- Makalinang ng mga mag-aaral na matatas sa kanilang unang wika (L1) sa pambansang wika (L2 Filipino) at iba pang wika (English, Arabic, Chinese, Spanish, at iba pa);
- Makalinang ng mga mag-aaral na aktibong nagtatanong at nakagagamit ng wika bilang suliranin, nagdedesisyon at nakagagamit ng wika bilang instrumento sa pagbibigay ng

sariling pananaw at sa pagsusuri ng pananaw o ideya ng iba; at

- Malinang ang pagmamahal at paggalang ng mga mag-aaral sa kanilang pinagmulan, kultura, unang wika at pambansang wika at handang tumulong sa pag-unlad ng kanilang pamayanan at bansa.

Kahalagahan ng Edukasyong Multilinggwal

Ang pagsasagawa ng Edukasyong Multilinggwal sa ating mga paaralan ay mahalaga sa mga sumusunod na dahilan:

- Pagkatuto ng mga mag-aaral na nagsisimula sa unang wika at transisyon sa iba pang wika;
- Paggamit ng unang wika ng mag-aaral bilang midyum ng pagtuturo; at
- Programa na nagsisimula sa unang wika o wika sa bahay ng mag-aaral na tutulong sa kanila sa pagkakaroon ng katatagan at tiwala sa pag-aaral ng mga opisyal na wika (Filipino at Ingles) at paggamit ng mga wikang ito sa pagtatamo ng may kalidad na edukasyon.


Mahalagang Elemento ng Edukasyong Multilinggwal

Dalawa ang mahalagang gawain o elemento ng MLE. Ang mga ito ay:

- Matatag na pundasyon sa Unang Wika at
- Matibay na tulay mula sa Unang Wika patungo sa pagkatuto ng iba pang wika.


Nasa Dayagram 1 ang mga hakbang sa pagsasagawa ng programa mula sa Unang Wika tungo sa pangalawa at pangatlong wika.

Dayagram 1: Pagkakaroon ng Matibay na Tulay mula sa L1 tungo sa L2
o L3



Makikita sa Dayagram 2 ang isang modelo ng pagsasagawa ng bridging program o pagtutuloy mula sa preschool hanggang sekondarya gamit ang unang wika (L1) tungo sa pangalawang wika (L2, L3) bilang midyum ng pagtuturo.

Dayagram 2: Isang Modelo sa Pagsasagawa ng 12 Taon ng Bridging Program sa MLE



Mga Kailangang Ihanda para sa Pagtuturong MLE na Batay sa Unang Wika

Bilang paghahanda sa Edukasyong Multilinggwal, kailangan ang mga paghahanda sa parte ng mga gurong magsasagawa nito, mga mamamahala sa programa at ng komunidad na tutulong sa pagsasagawa nito. Narito ang ilan sa mga mahahalagang gawain na dapat pag-ukulan ng paaralan at pinansyal na konsiderasyon.

- Pag-aaral at pagbuo ng ortograpiya para sa mga lokal na wikang panturo ng iba't ibang lugar na tinatanggap ng mga gagamit nito at tutulong sa intelektwalisasyon ng kanilang wika.
- Paghahanda ng kurikulum para sa MLE, mga pananaw at istrategiya sa pagtuturo, pagpapalano ng aralin sa unang wika.
- Paghahanda o debelopment, produksyon at distribusyon ng mga kagamitang panturo sa tiyak na wikang panturo sa mga paaralan, dibisyon at rehiyon na ang pokus ay sa panimulang pagbasa at literaturang pambata. Ang mga kagamitang ito ay hindi salin kung hindi nasa orihinal na wika ng lugar at naglalarawan ng mga tao, pangyayari, reyalidad sa lugar at angkop sa wika, edad at kultura ng mga mag-aaral.
- Pagsasanay (INSET) ng mga guro para sa epektibong paggamit ng unang wika bilang wikang panturo – sa pagbasa sa pagkakaroon ng kognitibo at akademikong kaalaman (CALP) sa unang wika at ng mataas na antas ng pag-iisip (HOTS) ng mga mag-aaral. Ito rin ay tutulong sa mga guro o edukador na maging sensitibo sa pagkakaiba ng kultura at wika ng mga bata.
- Pagsasangkot ng mga tao sa komunidad sa mga gawain sa MLE tulad ng paghahanda ng mga kagamitang panturo, pag-alalay sa mga guro sa pagtuturo sa unang wika at sa pakikipagtulungan na madebelop ang kamalayan ng mga bata sa kultura ng lugar.

-
- Pagkakaroon ng ebalwasyon sa programa ng MLE at pagsasagawa ng dokumentasyon sa progreso ng mga mag-aaral tulad ng ginagawa sa Lubuagan Project.

Mahalagang Gampanin o Papel ng Pamantasang Normal ng Pilipinas sa Edukasyong Multilinggwal

Bilang itinalagang Pambansang Sentro sa Edukasyong Pangguro (National Center for Teacher Education), mabigat na tungkulin ang iniatang sa ating pamantasan ng **Batas Republika Blg. 9647**. Makikita sa Seksyon 3 ng batas na ang PNU ay itinalaga bilang NCTE at kaugnay nito ay magsasagawa ng mga sumusunod :

- a. Magbigay ng teknikal na suporta sa DepEd at CHED sa kanilang mga programa at proyekto na nauukol sa pagbuo ng mga patakaran at rekomendasyon sa pagsasanay o training ng mga guro, edukasyong pangguro, patuloy na pag-aaral o edukasyon ng mga guro at superbisor at kurikulum ng edukasyon;
- b. Magsagawa at bumuo ng database ng mga palisi o patakaran sa edukasyon na magsisilbing sanggunian ng mga gumagawa ng palisi o patakaran sa bansa;
- c. Magsagawa ng mga pananaliksik, case studies at iba pang nararapat na metodolohiya para sa pagpapaunlad at pagpapayaman ng kurikulum at mga disenyo ng pagsasanay para sa mga pagsasanay ng mga guro, edukasyong pangguro, patuloy na pag-aaral ng mga guro at superbisor; at
- d. Kung iaatas ng Kongreso, ay magbigay ng tulong sa mga mambabatas sa pagdesenyo at pag-aanalisa ng mga lehislatibong proposal na nauukol sa mga pagsasanay ng guro, edukasyong pangguro, patuloy na pag-aaral ng mga guro at superbisor, sa kurikulum ng edukasyong pangguro at iba pang isyu na kaugnay ng edukasyong pangguro.

Sa talaan ng mga iniatas na tungkulin, malinaw ang gampanin ng PNU na makipagtulungan at magbigay suporta sa mga programa ng DepEd. At tulad ng inilahad sa unang bahagi ng pagtalakay, ito ang programa sa paggamit ng unang wika ng mga mag-aaral sa pagtuturo sa mga paaralan.

Narito ang maituturing na mahahalagang gampanin o bahagi ng PNU sa pagpapatupad ng programa sa Edukasyong Multilingwal ng DepEd.

1. Una, sa paghahanda ng mga mag-aaral na magiging guro sa elementarya at sekondarya. Kailangan ang pagsusuri sa nilalaman ng kurikulum sa BECED, BEED at maging sa BSE. Paano magkakaroon ng kaalaman at kasanayan sa pagtuturo ng MLE? Ang mga kurso sa Professional Education ay kailangang maghanda sa mga mag-aaral sa MLE hindi lamang sa mga teorya at kaalaman kung hindi sa praktika ng MLE tulad ng mga pamaraan sa pagtuturo, paghahanda ng mga kagamitang panturo at sa kamalayan tungkol sa kultura at kalagayan ng mga lokal na komunidad. Hindi lamang ang mga mag-aaral ang dapat ihanda kung hindi ang mga propesor na magtuturo ng kaalaman at kasanayan sa MLE sa mga mag-aaral. Kailangan ang oryentasyon at pagbabasa ng mga literatura at pag-aaral tungkol sa MLE.
2. Ikalawa, kailangan ang paghahanda ng mga programa sa pagsasanay ng mga guro (INSET) sa iba't ibang rehiyon ayon sa wika na kanilang gagamitin sa pagtuturo. Anu-ano ang mga kompetensi o kasanayan na dapat malinang sa mga gurong ito na nasanay na sa normal na paraan ng pagtuturo sa buong bansa? Anu-ano ang mga kailangang kompetensi na maghahanda sa kanila sa MLE? Sa pagsasanay ng mga guro, kailangan ang mga sumusunod na kaalaman at kasanayan:

-
- A. Pundasyon o Batayan ng MLE
 - 1. Mga batayang teorya, simulain at katangian ng MLE
 - 2. Kamalayang kultural (Cultural Sensitivity)
 - 3. Mga simulain sa pagkatuto at pagtuturo ng wika
 - B. Paghahanda ng Kurikulum
 - C. Pagdebelop ng mga Kagamitang Panturo
 - D. Pagkakaroon ng Kaalaman sa mga pamaraan at istratehiya sa pagtuturo at pagtataya
 - E. Pakikipag-ugnayan sa komunidad
 - F. Monitoring at Ebalwasyon ng Programa

Kailangan tayong makipagtulungan sa ibang institusyon, organisasyon at mga pangkat na may iba't ibang unang wika sa pagsasanay ng mga guro. Kailangan natin ang ating mga guro sa ating mga branches tulad ng PNU Agusan, PNU Cadiz, PNU Isabela at PNU Lopez na nagsasalita ng unang wika ng mga bata sa kanilang lugar. Kailangan din ang pagsasanay ng mga magsasagawa ng training at paghahanda ng mga kagamitan sa iba't ibang area o lawak ng MLE . Ang 171 + Talaytayan, MLE na kinabibilangan ng mga akademikong institusyon tulad ng UP, PNU, PUP, MSU, NVSU, MMSU at iba pa at mga pribadong unibersidad at organisasyon at mga namumuno sa DepEd ay nagtutulung-tulong upang maisagawa ang mga panimulang hakbang sa pagsasanay ng mga guro.

- 3. Ikatlo, paghahanda ng Programa sa MLE para sa mga Gradwadong Pag-aaral ng mga guro. Sa ating pamantasan, mayroon na tayong programa sa MAED sa Edukasyong Bilinggwal. Kailangan lamang maisaayos at palawakin ang sakop ng mga kurso sa dating programa upang maiangkop sa pangangailangan ng mga guro sa MLE. Narito ang mga kurso na dati na sa programa na kailangang magkaroon ng katangian ng MLE na hindi naman nalalayo sa layunin at nilalaman sa dahilang sa mga teorya at simulain magkapareho ang nilalayan ng dalawa, ang paggamit ng unang wika at pagkatuto ng

pangalawang wika o ang paggamit ng dalawa o higit pang wika sa lipunan.

MAED in Bilingual Education/MLE

Required Courses (24 units)

- BE/MLE 501 Foundations of BE/MLE
- BE/MLE 502 Teaching Strategies in BE/MLE
- BE/MLE 503 Methods and Materials Development in BE/MLE
- BE/MLE 504 Assessment in a Bilingual/Multilingual Classroom
- BE/MLE 505 Organization and Management of Language Programs/Curriculum Development
- BE/MLE 506 Seminar in Cross-Cultural Studies
- BE/MLE 507 General Linguistics for Teachers
- BE/MLE 508 Sociolinguistics for Teachers

Electives (9 units)

- Language Electives from Other Specialization

Research (6 units)

4. Ikaapat, kailangan ang pagsasagawa ng mga pananaliksik tungkol sa mga sumusunod:
 - a. Paano ba natututo ang mga batang Pilipino?
 - b. Ano ang epekto ng wika ng pagtuturo sa pagkatuto ng mga mag-aaral?
 - c. Anu-ano ang mga istratehjiya sa silid-aralan na higit na lumilinanang sa mataas na antas ng pag-iisip ng mga bata?
 - d. Anu-ano ang mga alternatibong pagtataya o ebalwasyon na kailangang gawin pagkatapos ng pagtuturo?
 - e. Gaano kabisa ang mga kagamitang panturo na ginagamit, tradisyunal vs interaktib?

-
5. Ikalima, paghahanda ng mga kagamitang panturo sa literasi na nasa unang wika ng mga mag-aaral sa iba't ibang rehiyon. Kaugnay nito kailangan ang ortograpiya na gagamitin sa pagtuturo at sa mga kagamitang ihahanda.

Ang mga inilahad na inaasahang magagawa ng pamantasan ay madaling sabihin ngunit nangangailangan ng panahon sa pagsasagawa. Tulad nga ng sinabi ni Diane Dekker ng Summer Institute of Linguistics, – “MLE is not fast and easy. It is not a quick fix.” Kailangan ang paghahanda at pagtutulungan ng lahat.

Konklusyon

Bilang pagbubuod sa mga inilahad, nagkaroon tayo ng malinaw na pananaw sa mga naging karanasan ng mga naunang edukador tungkol sa naging kalagayan ng ating batayang edukasyon kaugnay sa paggamit ng wika sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa mahigit na 80 taon, ang mga rekomendasyon na gamitin ang unang wika (Monroe Survey, EDCOM, PCER, BESRA) bilang wikang panturo sa mga unang taon ng pag-aaral ay hindi naipatutupad. Nakikita ang mga pwersa na humahadlang dito mula sa iba't ibang sektor o pangkat na nagtatago sa ngalan ng pambansang pagkakaisa, global na pakikipag-ugnayan, rehyunal na identidad, integridad na kultural, pag-unlad na ekonomiko o pagtatrabaho sa ibang bansa. Dagdag pa rito ang mga demand ng mga call center at multinational na mga kompanya. Naging dahilan ang mga ito ng hindi matatag na patakaran sa wika ng edukasyon.

Sa ngayon, nakasisilip na tayo ng liwanag sa mga nangyayaring debelopment sa ating wika sa edukasyon. Sa bill sa kongreso ni Kong. Guinigundo, sa DepEd Memo ng Kalihim ng Edukasyon, Jesli Lapus, sa mga pangkat tulad ng 171+ Talaytayan, MLE na binubuo ng mga institusyon at organisasyon sa bansa, magkakaroon na ng paglaya ang ating mga mag-aaral sa iba't ibang rehiyon na magamit ang wikang malapit sa kanilang

puso at pag-iisip sa kanilang pagkatuto ng mga aralin at sa pagkatuto ng iba pang wika. Tandaan natin na ang MLE ay hindi pagbabawas o subtraction kung hindi pagdaragdag o addition sa mga wikang alam na ng mga bata.

Narito ang mga pahayag na malinaw na inilalarawan ang kahalagahan ng wika ng mga mag-aaral sa ating bansa sa edukasyon.

“Walang wikang umuunlad kung hindi ito naisusulat at nababasa. Kung ito’y hindi sinasanay na magpahayag ng iba’t ibang kaisipang hango sa maraming kultura. Kailangang makipag-usap ang ating wika sa mga wika ng ating mga kababayan at ibang bansa, sa halip na isantabi ito sa maling akala na hindi ito angkop sa bagong panahon.”

Randy David (2004)
Philippine Daily Inquirer

“Kapag pumasok sa paaralan ang mga bata, ang lugar na pinupuntahan nila ay bago para sa kanila. Iniwan nila sa kanilang tahanan ang kanilang mga magulang, ang kanilang halamanan, ang mga bagay na bahagi ng kanilang buhay. Umuupo sila sa silid-aralan at pinag-aaralan ang mga bagay na hindi kanila o malayo sa kanilang tunay na kalagayan. Pagkaraan nito, dahil ang natutuhan nila ay ibang mga bagay, isinasaisang tabi nila ang kanilang sariling wika at kultura.”

Delpit, L. D.
(1985)

Sanggunian

Dekker, Diane. 2009. Multilingual Education in the Philippines: Possible Strategies for Implementation. Bonifacio Sibayan Professorial Chair Lecture, De La Salle University, Manila.

Nolasco, Ricardo. 2009. 21 Reasons Why Filipino Children learn better while using their Mother Tongue. A primer on Mother Tongue-Based Multilingual Education (MLE) and Other Issues on Language and Learning in the Philippines. Guro Formation Forum. UP, Diliman.

Philippine Human Development Report 2008/2009

Planning for MLE Programs. UP. April 14, 2009

UNESCO. 2003. Education in a Multilingual World. Paris, UNESCO.